

1

“Pare, ibang klase itong bookstore mo.” Inikot ni Lance ng tingin ang kabuuan ng bookstore na pag-aari ng matalik niyang kaibigan na si Raven.

Maganda ang interior niyon, very relaxing at bagay na bagay sa mga taong mahilig magbasa ng libro. Kaya hindi rin nakakapagtaka na laging maraming customers doon.

“Siyempre!” mayabang na sagot ni Raven. “Alam mong ito talaga ang pangarap namin ni Nympha,” tukoy nito sa asawa. Parehong writer ang dalawa, mahilig sa libro.

Naging kaklase niya ang mga ito noong college.

“Nasaan pala si Nympha ngayon?” tanong niya, may binabasang aklat.

“Yun, busy-busy-han. Hindi mo na matatanggal sa kanya ang pagiging volunteer social worker,” nagkibit-balikat na sabi nito.

Ngumiti na lang siya. Alam niya na kahit nagtatampo ito sa asawa, proud na proud ito sa babae, at mahal na mahal pa ito ng kaibigan niya. He

could say that Raven and Nympha were perfect for each other. Theirs was the kind of relationship that would last forever.

Naaalala pa niya ang love story ng dalawa. It was a fairytale with a twist. Imbes na si Raven ang prince charming at si Nympha ang damsel in distress, ang kaibigan pa niya ang iniligtas ng babae.

Tumingin siya sa wrist watch.

“Four na pala. Got to go. Kailangan ko pang tapusin ang ginagawa kong nobela,” aniya.

“Sige, Pare, pag na-publish na ’yang ginagawa mo, bigyan mo ko ng kopya with matching autograph, ha?” bilin nito.

Tumango lang siya at lumabas na. Nagsusulat siya ng inspirational stories—sari-saring mga kuwento ng buhay. Nitong huli ay sumusubok na rin siyang magsulat ng detective novels.

Dumerecho na agad siya kung saan nakaparada ang kanyang kotse. Paliko na siya nang biglang magpreno. Napahinto siya dahil may basta na lang sumulpot sa daan at muntik na niyang masagasaan.

Bumusina siya nang pagkalakas-lakas at binuksan ang bintana ng kotse para sigawan ang nakaharang.

“Hoy, nagpapakamatay ka ba?”

Tumingin sa kanya ang babae. Parang sa titig nito, lahat matutunaw. Dali-dali itong naglakad patungo sa driver’s seat at may kinuha sa bulsa. Akala niya ay tututukan siya nito ng patalim. Pero wallet ang nilabas nito, binuksan iyon at may ipinakitang tsapa.

“*NBI*, kailangan ko ang kotse mo. Baba!” utos nito.

Tinitigan niya ang babae, maganda ito kahit maikli ang buhok, matangos ang ilong at kulay abo ang mga mata. Kay pula ng mga labi nito, parang ang sarap halikan. Napatulala siya sa nakakaakit nitong mukha. Tanya niya ay bata lang ito sa kanya ng ilang taon.

“Hoy! Bingi ka ba o sadyang tanga lang?” apuradong tanong nito. Baka may hinahabol.

“H-ha...” Gulung-gulo ang isip niya.

“Ano ba ’yan!” sigaw nito sabay kamot sa batok. Tumakbo na lang ito papunta sa kabilang side ng kotse at sumakay na agad. “Sundan mo ’yung van na ’yun!” utos nito, itinuro ang isang red van sa unahan nila.

Walang tanung-tanong na pinaandar niya ang

kotse at sinundan ang van. Hindi man niya alam kung bakit nila sinusundan ito, sinunod pa rin niya ang babae. Wala na yata talaga siya sa tamang pag-iisip ngayon. Nahipnotismo na yata siya ng mga mata ng katabi.

Ilang minuto lang at naabutan nila ang van. Para silang nakikipagkarera. Saglit niyang tiningnan ang babae, nakita niyang may kinuha itong baril at ikinasa iyon.

“Ipagpatuloy mo lang ang pagmamaneho, steady lang,” sabi nito. Binuksan nito ang bintana upang patamaan ang van. Pero unang nakapagpapatok ang isang lalaki na lulan ng sasakyan sa kanilang unahan.

“Yuko!” sigaw ng babae. Iyon ang ginawa niya. Habang wala pa uling nagpapapatok, iniangat nila ang kanilang mga ulo. Inutos nito na pabilisin niya ang sasakyan dahil lumalayo ang distansya nila sa van. Nang muli silang makalapit sa sinusundang sasakyan, nagtangka ulit ang babae na paputukan ang hinahabol nila.

Inasinta nito ang gulong. Sa isang putok, napasabog nito iyon. Gumewang ang sasakyan hanggang sa tumama sa isang poste.

Wow! Astig!

Itinigil niya ang kotse nang isenyas nitong gawin niya iyon, pagkatapos ay mabilis itong bumaba. Lumapit ito sa van, tiningnan ang mga kriminal. Bumaba rin siya, saka lang napansin ang pagdating ng mga pulis. Lumapit ang mga ito sa babae at sa mga kalalakihan na nagkukumahog lumabas ng van. Hindi lang mga pulis ang naroon, pati na rin ang media at iba pang usisero.

Hinagilap ng mga mata niya ang kinaroroonan ng babae. Nasaan na iyon?

Nakita niya itong nakikipag-usap sa isang pulis. Nagsimula siyang maglakad papunta rito ngunit nakakailang hakbang pa lang ay nakaramdam siya ng kirot sa braso. Nanghina siyang bigla, nawalan ng lakas. At nagdilim ang kanyang paningin. Hanggang sa bumagsak at tuluyang mawalan ng malay.

“Maraming salamat sa pagdakip sa mga hold-uppers, Agent Tolentino,” anang hepe ng *Manila Police District*.

“Walang anuman po iyon, Sir,” ani Jules. “Nagkataon lang na nandoon ako kaya naka-iresponde agad. Tsamba lang po iyon.”

“Alam kong hindi tsamba ’yun. Nabalitaan ko kay

Director Narcisso ang mga nagawa mo bilang *NBI Agent*. Keep up the good work.”

Napangiti na lang siya sa sinabi ng hepe at kinamayan ito. Sa sulok ng mga mata, napansin niya ang matangkad na lalaking may-ari ng kotse na ginamit niya para mahabol ang mga hold-upper. Tila palapit ito sa kanya, pero nabuwal na lang ito basta.

Tumakbo agad siya papunta rito. Nang makalapit, napansin niyang nagdurugo ang kaliwang braso nito. Natamaan pala ito kanina?

Agad siyang tumawag ng tulong. May mga medic na agarang dumalo sa kanila. Inilipat ng mga ito ang lalaki sa stretcher pagkatapos ay isinakay ito sa ambulansya. Minabuti niyang sumama roon.

Ilang oras din ang itinagal ng operasyon bago naideklara na okay na ang lalaki. Inilipat ito sa isang private room. Pumasok siya sa kuwarto at pinagmasdan niya ang lalaki habang natutulog ito.

Parang nakokonsyensya tuloy siya sa nangyari. Nalagay sa panganib ang buhay nito dahil sa kanya. Civilian ito at kasalanan niya kung bakit nasa ospital ito ngayon. Naging pabaya siya habang tinutupad ang kanyang tungkulin.

Noon nag-ring ang cellphone niya. Nag-register

ang pangalan ng kanilang director. Sinagot niya agad iyon.

“Good evening po, Sir,” aniya.

Kinakabahan siya. May pakiramdam siya na hindi maganda ang sasabihin nito.

“Tolentino, pumunta ka agad sa opisina ko. Ngayon na!” At tinapos na nito ang tawag. Nasa boses nito ang galit.

Bago siya umalis, sinulyapan niya ang pasyenteng natutulog.

Huwag kang mag-alala, babalik ako.

Sermon ang inabot ni Julianne kay Director Narcisso. Fifty-four years old na ito at itinuring na rin niya na parang tunay na ama.

“Hindi ko alam kung papupurihan kita o kagagalan. May napahamak na civilian dahil sa ginawa mo.”

Tumingin lamang siya rito. May punto ito. May mali siya dahil inilagay niya sa panganib ang isang buhay nang magpadalos-dalos siya.

“I’m sorry, Sir.”

“May kasalanan ka talaga. Alam mo ba na puwede kang matanggal sa serbisyo dahil sa ginawa mo?” Hinawakan nito ang batok na para bang hina-high blood sa kanya. “Kung nandirito lang si *Compadre*, siguradong magagalit iyon. Tell me, Julianne, ano’ng problema? Ngayon ka lang nagkamali nang ganito.”

“Sir, you’re right. Wala kasi akong malinaw na plano kanina. Nadala ako ng sitwasyon.”

“Alam mo na hindi puwedeng excuse iyan,” anito at bumuntong-hininga. Pagkatapos ay tinitigan siya nitong mabuti. “I’m sorry, pero dahil sa nangyari, suspendido ka ng isang buwan.”

“Isang buwan?” Napatayo siya mula sa pagkakaupo. “Masyado naman pong mabigat ’yang parusa n’yo, Sir.”

“My decision is final. Si Aguilar muna ang hahawak ng Task Force *HUNTER* habang wala ka,” pagtatapos nito.

Lumabas siya ng opisina nito na parang pasan ang buong mundo. How could she have been so careless? Ni hindi muna siya nag-isip nang mabuti.

“Tolentino, okay ka lang ba?” tanong ni Maverick Aguilar. Ito ang siyang na-assign na humawak sa kanilang grupo. Kasama nito ang iba pang miyembro

ng task force.

Tumango lamang siya at ngumiti.

“Isipin mo na lang na nagbabakasyon ka. Ayaw mo n’un, makakapahinga ka sa paghahabol ng mga goons?” ani Rico.

Nagtawanan ang lahat dahil sa sinabi nito.

Gumaan din kahit paano ang pakiramdam niya dahil sa kakulitan ng mga ito. Siya lang ang babae sa grupo, at siya rin ang pinaka-lider ng team. Maraming malalaking kaso ang ipinagkakatiwala sa kanila.

“Okay lang ko, basta bahala muna kayo habang wala ako.” May sasabihin pa sana siya nang biglang may sumingit.

“Ang magaling na si Agent Julianne Marie Tolentino, nasuspende dahil lang sa isang maliit na pagkakamali. How careless. Sinasabi ko na nga ba, wala ka talagang ibubuga.” Si George, pinuno ng Task Force *LION*. Naroon din ang mga kagrupong nito.

Humarap siya kay George. “Ganoon ba? Sa tingin ko kasi, sa amin napupunta ang malalaking kaso dahil hindi iyon kayang iresolba ng grupo n’yo.” At naglakad na siya palayo rito.

Sinundan siya ng mga kasamahan.

“Balik ka agad, Jules,” ani Arthas.

“Mag-text ka sa amin, ha?” paalala ni Dexter.

“Oo, huwag kayong mag-alala. Magpaparamdam ako. Sige, kailangan ko nang umalis.” Sumakay na siya ng taxi. Kailangan niyang pumunta sa ospital.

Kargo de konsensya niya ang lalaking iyon.

2

Pakiramdam ni Jules ay may nakatitig sa kanya. Agad siyang bumaling. Hindi siya nagkamali, nakatitig ang lalaki sa kanya.

Saka lang niya lubusang napagmasdan ang hitsura nito. Maamo ang mukha nito, maganda ang mga mata, matangos ang ilong. At parang kay sarap halikan ng mga labi nito. Pero biglang tumalim ang mga mata.

At nag-iwas siya ng tingin bago nakuhang magtanong.

“Bakit ganyan ka makatingin?” Kinusot niya ang mga mata.

“Wala. Gusto ko lang makita ang mukha ng taong nagpahamak sa buhay ko,” sagot nito.

Parang may batong bumagsak sa ulo niya. Sinisisi siya nito sa nangyari, kinokonsyensya. Lumapit na lang siya rito at tiningnan ang kanang braso nito.

“Ang OA mo, ha. Malayo kaya sa bituka ’yang tama mo. Gasgas lang ’yan.”

“OA? Kung sa ulo o sa dibdib kaya ako tinamaan?”

Hindi na siya nakasagot dahil may pumasok na nurse.

“Injection lang po,” anito.

Nakita niyang namutla ang guwapong mukha ng pasyente nang mapansin ang karayom.

“Sir, sandali lang po ito,” sabi ng nurse at itinurok na iyon.

“Oh, shit!” mura ng lalaki sa kabila ng pamumutla.

Natawa tuloy siya at napatingin sa kanya ang nurse. Pagkatapos ay lumabas na ito.

“Ano’ng nakakatawa?” Tinitigan siya nito nang masama.

“Kaw nga, parang kagat lang ng langgam iyon, eh.” Natatawa pa rin siya.

Kinuha nito ang unan at inihagis sa kanya. Nakailag agad siya. Parang nainis talaga ang lalaki. Siguro kung wala itong injury, kanina pa siya binugbog.

Pinigil niya ang pagtatawa. Ibinalik niya ang unan sa ulo nito, inayos iyon at hinarap ang tray ng rasyon. Hinila niya ang wheeled table palapit sa bed. Nakapatong doon ang tray ng pagkain. Inalis niya

ang food wrap sa tray.

“Kumain ka na,” sabi niya.

Bumangon ito, umupo sa kama, halos umabot sa sahig ang mahahabang binti. Napansin niyang nahihirapan itong sumubo dahil isang kamay lang ang gamit nito at kaliwa pa iyon. Hindi niya kaagad naisip na posibleng nadaplisan ito ng bala kanina nang patamaan ng masasamang-loob ang windshield ng kotse nito.

Kung di dahil sa 'yo, hindi sana siya nahihirapan ngayon.

Sa ayaw man niya o sa gusto, responsibilidad niyang alagaan ang lalaki hangga't hindi pa ito gumagaling. Lumapit siya rito at kinuha ang kubyertos. Pinagmasdan niya ang breakfast nito. Maaga ang rasyon ng ospital. Wala pang alas seis ng umaga ay dumating na iyon.

May vegetable broth, rice, chicken with ginger and mushrooms, at sliced assorted fruits for dessert. Kinuha niya ang kutsara mula sa kamay nito at dinampot ang tinidor. Naglagay siya ng ulam sa kanin at itinaas ang kutsara ka-level ng bibig nito. Nasa mukha nito ang pagtataka.

“Wag ka nang magtanong, isubo mo na lang

ito,” utos niya.

Iyon nga ang ginawa nito, at nagpatuloy rin siya sa pagsusubo rito. Hindi siya makapaniwala sa ‘assignment’ niya ngayon. From Agent Tolentino to Babysitter—ehem—

Whatever, Tolentino! sita niya sa sarili.

Kinatatakutan siya ng mga drug lords at sindikato pero heto’t suko siya sa masamang tingin ng civilian na may sugat sa braso. Kung nakikita siya ngayon ng mga kagrupo baka katakot-takot na tudyo na ang inabot niya.

Sinikap na lang niyang ituon ang isip sa pagpapakain dito.

“Ano’ng pangalan mo?” tanong niya.

Inubos muna nito ang laman ng bibig bago sumagot.

“Lance Martinez. Ikaw?”

“Juliannne Marie Tolentino, pero tawagin mo na lang akong Jules.”

Tiningnan siya nito nang maigi, parang may gustong itanong sa kanya.

“Tomboy ka ba?” biglang sabi nito.

Ano ang naisipan nito at itinanong iyon? Dahil lang sa 'Jules' ang gusto niyang palayaw? Dahil sa trabaho niya? Mukha ba siyang lesbian?

“Hindi, 'no. Babae ako, one hundred percent.”

Nagkibit-balikat lang ito. Nang matapos itong kumain, pinainom niya ito ng tubig. Dumaan siya sa bahay niya kagabi para magpalit ng damit bago tumuloy sa pagamutan. Sumaglit lang siya rito kagabi para alamin kung maayos na talaga ang lagay nito at umalis din nang makasiguro. Nais niya kasing makadalaw ngayon nang maaga. At kanina nga, wala pang alas cinco ay papunta na uli siya rito sa hospital.

“Salamat,” sabi nito.

“Wala iyon. Isa pa, kasalanan ko kung bakit ka nagkaganyan.”

“Huwag na nating pag-usapan, tapos na iyon.” Hinawi nito ang buhok. Kinuha nito ang cellphone sa kalapit na lamesita at iniabot sa kanya. “Ilagay mo diyan ang number mo.”

Nagtataakang tinanggap niya iyon. “Bakit?”

“Para pag may ipapagawa ako sa 'yo, matatawagan kita agad. Siguradong hindi ako makakagalaw nang maayos nang ilang araw kaya kailangan kita.”

“At ano’ng mga ipapagawa mo sa akin?” tanong niya.

“Madami. Puwedeng paglabahin kita, paglinisin ng bahay, paglutuin, susubuan mo rin ako kapag gusto kong kumain. Marami pa.”

“Eh, all-around maid pala ang gusto mo. Well, for your information, hindi ako yaya at lalong hindi ako caregiver.” Tinitigan niya ito nang matalim.

Akala niya, matatakot ito at iiwas ng tingin. Pero nakipagtitigan lang ito sa kanya. Parang naglalaban ang kani-kanilang aura sa hangin.

“Kung ako sa ’yo, sundin mo na lang ang gusto ko, otherwise magrereklamo talaga ako sa superior mo,” pananakot nito.

And didn’t she know kung sino ang kakampihan ni Director Narcisso!

Pero ganoon na lang ba iyon? Magpapaalila na lang siya rito? Kailangan niyang mag-isip ng plano. Napahawak siya sa kanyang batok.

“Oo na, sige na, payag na ako. Pero pag magaling ka na, wala na akong sagutin sa ’yo. Maliwanag?”

“Klaro,” sagot nito.

Inilahad nito ang kaliwang kamay at tinanggap niya iyon. Parang kinabahan siya na ewan nang maglapat ang mga palad nila. Nagtaka siya kung bakit. At kung bakit tila nagustuhan niya ang pakiramdam na hatid niyon.

Noon bumukas ang pinto at may pumasok na mga bisita. Alas siete na halos ng umaga ngayon.

“Uyy, ano ’to?” tanong ng pumasok na babae.

Agad niyang binawi ang kamay.

Lumapit ang mga bagong dating kay Lance at tumabi siya para makadaan nang maayos ang mga ito. Inilapag ng isa ang dalang pasalubong.

“Hindi mo ba kami ipapakilala sa kaibigan mo, Lance?” tanong uli ng babae sabay lingon sa kanya.

“Hindi ko siya kaibigan. Siya ang dahilan kung bakit ako nandirito. Siya ang pahamak sa buhay ko.”

Pakiramdam ni Jules ay nanliit siya. Hindi naman nito kailangang ipagdukdukan na siya ang may kasalanan ng lahat. Parang gusto niya tuloy mag-walk-out.

“Sobra ka, Lance, ha?” saway ng babae. Bumaling ito sa kanya. “Wag mo nang pansinin ang lalaking iyan. Ganyan talaga iyan—masungit.” Inilahad nito

ang kamay. “Ako nga pala si Nympha at ito ang asawa ko, si Raven Santos.”

Lumapit din ang asawa nito at nakipagkamay sa kanya.

“Ah, ako si Julianne Tolentino,” pakilala niya.

“Julianne Tolentino? Ikaw ba iyong *NBI* Agent na nakahuli sa isang malaking sindikato ng droga dito sa Pilipinas?” ani Raven. Bumaling ito sa asawa. “Di ba, Hon, nabalita iyon sa TV kailan lang?”

Ngumiti lang siya sa mga ito.

“Grabe! Ang galing, ah. Ang hirap siguro ng ginawa mo para matunton lang sila. Ikuwento mo naman sa ’min. Mag-isa ka lang ba n’un? Nakipagbarilan—” Naputol ang sasabihin nito nang biglang sumingit sa usapan si Lance.

“Tumigil ka nga sa katatanong. Hindi naman sikat ’yang nasa harapan mo,” pagsusungit nito.

Imbis na patulan ito ay nagpaalam na lang siya sa mga naroon.

“Sige, aalis na ako. May menstruation ’ata ang isa d’yan kaya ganyan.” Tumawa ang mga bisita, si Lance ay hindi maipinta ang mukha. Agad siyang lumabas ng silid.

Guwapo ka sana, pero ang sungit mo.

Nagising si Jules dahil sa ring ng cellphone niya. Tiningnan niya ang relo kung anong oras na. Alas cuatro pa lang ng madaling-araw. Imposibleng trabaho iyon dahil suspendido siya.

“Who does you...” sagot niya.

“Anong Hudas?”

“Sino ka, sabi ko,” bawi niya. “Istorbo,” she muttered under her breath.

“Kailangan kita ngayon. May ipapagawa ako sa ’yo,” sabi ng nasa kabilang linya.

Nagising siya sa boses na iyon. Alam niya kung sino ang nagmamay-ari niyon.

Hudas nga!

Si Mr. Lance ‘Masungit’ Martinez.

“Sige po, Señorito, pupunta na po ako diyan.”

“Okay, ite-text ko na lang sa ’yo ’yung address ng bahay ko. Siguro naman hindi ka maliligaw.” Tinapos na nito ang tawag nang di man lang siya pinasagot pa.

Walang manners.

Bumangon na siya sa higaan at dumerecho sa banyo.

Habang naliligo, naisip niyang dalawang araw na pala ang lumipas mula nang huli silang nagkita ng lalaki. Akala nga niya tuloy ay nagbibiro lang ito sa gagawing pagpapahirap sa kanya.

Sa totoo lang, manghihinayang siya kung hindi iyon matutuloy. Simula kasi nang makilala niya ito ay parang naging mas exciting ang buhay niya. Mas exciting pa sa pakikipagbarilan at paghuli sa mga kriminal.

Isang V-neck white shirt at fitted na maong shorts na hanggang tuhod ang isinuot niya. Tama na siguro iyon dahil gagawin lang naman siyang katulong ng binata.

Isa pa iyon, nalaman niyang binata pa ito.

Dinampot niya ang cellphone nang marinig ang message alert tone. Sa New Manila lang pala ito nakatira, malapit lang. Wala pang thirty minutes ang biyahe niya. Agad siyang lumabas sa garahe at sumakay sa kanyang kotse. Kakukuha lang niya niyon sa talyer kagabi.

Tiningnan ni Lance ang wall clock, alas seis na ng umaga. Dalawang oras na ang nakalilipas simula nang tawagan niya si Julianne. Pero hanggang ngayon ay hindi pa rin ito dumarating. Naiinip na talaga siya.

Bakit wala pa siya? Naligaw kaya 'yun? Ano kaya'ng nangyari d'on?

Nang tumunog ang buzzer, agad siyang lumabas at pumunta sa gate. Binuksan niya iyon at bumungad sa kanya ang dalaga. Pasimpleng pinagmasdan niya ito mula ulo hanggang paa at hindi napigilan ang lihim na humanga. Sa kabila ng gayak nito, napakaganda pa rin ng babae. Natigil ang kanyang pag-oobserba nang magsalita ito.

“O, bakit ganyan ka uli kung makatingin? Ano na naman ang nagawa ko?” tanong nito. May bitbit itong dalawang supot.

“Wala, iba lang kasi ang hitsura mo.” Tiningnan niya ang mga dala nito. “Ano 'yan?”

“Ah, ito ba?” Iniangat nito ang mga supot. “Pagkain lang.” Pumasok na ito nang walang paalam.

Naiwan siya sa gate. Ilang sandali ang lumipas bago niya ito nagawang sundan. Dumerecho ito sa kanyang kusina at inilapag ang mga dala sa mesa. Isa-isa nitong inilabas ang laman ng mga supot.

May dala itong *pan de sal*, itlog, ham at fresh milk. Lumapit ito sa refrigerator at binuksan iyon upang tingnan ang laman.

“Sabi na nga ba, walang laman itong ref mo. Buti na lang at dumaan ako sa convenience store at sa bakery.”

“Nahulaan mo ba na walang laman ang ref ko kaya ka namili?”

“Hindi, talaga lang na lagi akong handa. *Girl Scout* ako dati,” anito, pagkatapos ay kumuha ng mangkok at nag-scramble ng itlog.

Binuksan nito ang stove at nagsimula nang magprito. Una nitong niluto ang itlog at isinunod ang ham. Nang matapos, nag-init ito ng tubig para sa kape. Inayos nito ang lahat ng niluto kasama ang kape sa dining table habang nakasubaybay lang siya.

“Kain na. Sigurado akong puro instant noodles lang ang kinain mo nitong mga nakaraang araw,” anito.

“At paano mo ulit nalaman iyon?”

“Simple lang. Nakita ko ang mga cup noodles sa basurahan mo. At wala kang iniwang hugasin, parang’yung initan lang ng tubig ang nagamit.”

Not bad for an NBI Agent.

Hinarap niya ang pagkain. Nagpalaman ang dalaga ng ham at itlog sa ilang pirasong *pan de sal*. Inilagay nito ang mga iyon sa kanyang plato.

Tumingin siya rito upang sabihin ang grade niya sa luto nito.

“Masarap.”

“Wala lang ’yan. Prito nga lang ’yan, eh.”

“Ang yabang mo,” biro niya. “Sandali, bakit ba nakatayo ka lang diyan? Hindi ka ba kakain?”

“Eh, di ba katulong ako? Sumasabay ba ang katulong sa amo?” Pagkasabi niyon ay biglang tumunog ang tiyan nito.

“Naaasiwa akong may nakatayo sa paligid ko habang kumakain ako. Isa pa, naririnig ko ang pagrerebolusyon ng tiyan mo.” Kumuha pa siya ng isang piraso ng *pan de sal* na may palaman at eksaheradong ipinakita kung gaano siya nasasarapan.

Napalunok ito, nasa mukha ang gutom. Pagkatapos ay walang sabi-sabing umupo ito malapit sa kanya at kumuha na rin ng tinapay. Ipinagitna nito ang ham at scrambled eggs sa dalawang *pan de sal*. At inubos nito iyon nang wala pang tatlumpung

segundo.

“Ang takaw mo pala,” sabi niya.

Bigla itong natigilan sa pagkagat sa sunod nitong tinapay, parang nahiya.

“Pasensya na, gutom na ako, eh.”

Ngumiti lang siya dito.

“Okay lang, mas maganda nga kung matakaw ang kasabay ko. Naeengganyo akong kumain nang kumain. Isa pa, ikaw ang bumili at nagluto ng lahat ng ito.” Kumuha rin siya ng tinapay at kumagat doon.

Parang natuwa ang kasalo sa narinig at nagpatuloy sa pagkain.

Kahit siguro gaano pa ito katakaw, hindi na mawawala ang paghanga niya rito. Ngayon ay lalo siyang humanga rito sa pagpapakatotoo nito. Hindi katulad ng ibang babae na kunwari’y kung sinong mahinhin, makapagpapansin lang.

Pagkatapos nilang kumain, tumayo ito kaagad at iniurong ang mga pinagkainan.

“Sige magpahinga na po kayo, Señorito,” anito.

“Bakit ba ’yun ang tawag mo sa ’kin? Naaalibadbaran ako.”

“Wala kang magagawa, sa ’yun ang gusto kong itawag sa ’yo, eh. Tatal, ginawa mo akong katulong, kakarerin ko na,” pasaring nito habang naghuhugas ng mga plato.

“Bahala ka nga diyan,” aniya at dumerecho sa kanyang kuwarto.

Napaka-weird ng babaeng iyon, naisip niya. One minute, mabait, the next nagiging pilosopo.

Nang sumunod na araw, nilinis ng dalaga ang kanyang bahay. Nagpunas ito ng furniture at nagtanggap ng agiw. Nagwalis ito ng sahig at nag-floorwax. Todo linis ang ginawa nito. Nang tumanghali ay nagluto ito ng adobo at sinubuan siya. Namimilosopo pa rin ito pag minsan pero nakakausap naman nang maayos kahit paano.

Ngayon ay nasa kuwarto siya at sinusubukang iayos ang manuscript niya. Hirap siyang mag-type gamit lamang ang isang kamay. Sa sobrang inis niya ay napasigaw siya.

Nagulat siya nang biglang bumukas ang pinto ng kanyang kuwarto at sumungaw ang dalaga.

“Ano’ng nangyari?” tanong nito.

Namalikmata lang yata siya nang makita ang

concern sa mukha nito dahil agad din iyong naglaho.

“Wala, hirap lang akong mag-type kaya napasigaw ako sa asar.”

“Sus, ’yun lang pala. ’Kala ko kung ano na, naistorbo tuloy ang ginagawa ko.”

“Kung makapagsalita ’to parang maliit na bagay lang ang problema ko. Alam mo, pagsusulat ang ikinabubuhay ko. May deadline akong dapat harapin.”

“Madali lang kasi ’yang problema mo. Sabi nga nila, pag gusto may paraan, pag ayaw madaming dahilan. So, may solusyon diyan.”

“At ano ’yun?”

Lumapit ito sa kanya, kumuha ng isa pang upuan at pumuwesto sa tabi niya paharap din sa computer.

“Eh, di ako ang magta-type.”

Isang mapanuring tingin ang ibinigay niya rito.

“Ikaw? Di kaya mabagal ka?”

“Eh, di subukan mo,” anito.

Ipinakita niya rito ang notebook na naglalaman ng draft ng kanyang nobela. Ipinakita rin niya ang template na gagamitin, ipinaalam ang format na

kailangan, ang font at font size at iba pang basic layout requirements.

“Okay, no problem.” Pinatunog pa nito ang mga daliri.

Sinimulan na nito ang pagta-type habang siya ay nakamasid lang. Mabilis nga ito, walang tigil. Halos hindi nagkakamali at sa draft lang niya nakatingin. Nagtatanong ito kapag may mga salita na hindi mabasa dahil sulat-kamay niya.

May oras na napapalapit siya rito upang basahin ang itina-type nito. He felt... strange around her. Na para bang ayaw niyang mahiwalay rito. Parang gusto niya na parati silang malapit sa isa’t isa.

Then suddenly, his heart was beating so fast and so loud, it was the only thing he could hear. Bago pa ito makahalata, at bago pa niya ito mayakap nang wala sa oras ay lumayo na siya agad dito.

“Itigil mo na ’yan. Magpahinga ka na. Sa susunod na araw na lang ’yung iba,” utos niya. Nakadalawang chapters din ito mahigit.

“Sige.” Tumingin ito sa computer clock. “Gabi na pala. Magluluto muna ako ng hapunan mo bago ako umalis.” Nag-inat ito at tumayo bago nagpaalam para pumunta sa kusina.

Pagkalabas nito napahiga siya sa inuupuang kama.

Ano ba 'tong nararamdaman ko? Am I falling for her?

Nang gabing iyon, hindi makatulog si Jules. Nang lumapit si Lance kanina habang nagta-type siya, hindi niya mapigilan ang kabahan. At lalong bumilis ang tibok ng puso niya nang masamyo ang pabango nito. Banayad iyon sa ilong at kakaibang sensasyon ang hatid niyon sa kanyang katawan. Hindi niya talaga maipaliwanag ang nadarama para sa binata.

Bakit ako nagkakaganito? Kahit naman nasa misyon ako, hindi ako kinakabahan. Bakit katabi ko lang siya para akong naduduwag?

Hindi na niya alam kung anong oras siya nakatulog.

3

Habang hindi pa lubusang gumagaling si Lance ay patuloy siya sa pagtupad sa kanilang kasunduan. Naglilinis siya ng bahay nito, nagluluto para rito, naglalaba. Sa madaling salita, pinagsisilbihan niya ang binata.

Minsan kapag natutulog ito, hindi niya mapigilan ang pagmasdan ang maamo nitong mukha. Malapit na niyang kasuhan ang sarili niya ng pagnanakaw—ng tingin. At sa tuwing nagkakalapit sila, hindi niya masaway ang kanyang puso sa pagwawala. Kaya pinipilit na lang niya ang sarili na lumayo sa lalaki.

At ngayon nga, dalawang linggo na ang mabilis na lumipas mula nang una siyang pumunta sa bahay nito. Bago siya nagtungo sa bahay nito ay namalengke muna siya. Papunta na siya sa bahay nito nang tumirik ang kanyang sasakyan sa daan. Bumaba siya at tiningnan ang makina.

Umandar na naman ang sakit ng kotse niya.

Sinubukan niyang ayusin ang makina ngunit hindi niya magawa. Bumalik siya sa loob ng kotse upang kunin ang cellphone niya. Sasabihin niya sa

binata na mahuhuli siya ng dating.

Sa malas ay wala ang cellphone. Naiwan siguro niya sa bahay. Lumabas siya ulit at sinubukang magmekaniko. Saka pa sumabay ang ulan. Biglang buhos iyon. Habang kinukumpuni niya ang sasakyan ay para rin siyang naliligo sa ilalim ng napakalakas na shower.

Ilang oras pa at naayos din ang kotse. Pumasok siya sa loob at sinubukang paandarin iyon. Pinatay na niya ang air con dahil nilalamig na siya. Parang biglang bumigat ang kanyang pakiramdam. Sumasakit ang mga kalamnan niya.

Alas ocho na ng umaga ngunit hindi pa rin dumarating si Julianne. Pakiramdam ni Lance ay may nangyaring masama sa dalaga. Tinatawagan niya ang cellphone nito ngunit walang sumasagot. Wala rin siyang kakilalang kaibigan nito o kamag-anak na puwedeng tawagan at pagtanungan. Masyado na siyang nag-aalala. Noon tumunog ang doorbell.

Kumuha agad siya ng payong at dumerecho sa gate. Basang-basa si Julianne at napatingin siya sa katawan nito. Humakab ang suot nitong pang-itaas sa bandang dibdib at tiyan, at bakat doon ang panloob

nito.

Biglang nabuhay ang kanyang dugo. Upang hindi na lumala ang sitwasyon, nag-iwas siya ng tingin at naggalit-galitan na lang.

“Bakit ngayon ka lang? Gutom na ako, ah.”
Pinayungan niya ang dalaga.

Hindi ito sumagot, naglakad lang papasok sa bahay. Nakiramdam siya kung magsasalita ito, pero wala.

“Kumuha ka ng damit sa cabinet ko, siguro naman may magkakasya sa 'yo d'un. Magpalit ka.”

Sinunod siya ni Jules. Ilang minuto lang at nakapagpalit na ito ng damit. Asul na t-shirt at shorts na may tali sa baywang ang suot ng dalaga. Napansin niyang namumutla ito kaya agad siyang lumapit dito. Hinawakan niya ang noo nito.

“May lagnat ka pala, humiga ka na nga lang d'un.” Itinuro niya ang sofa.

Sinunod uli siya nito, wala pa ring imik. Kumuha siya ng isang malambot at makapal na kumot. Buti na lang at magaling na ang kanyang kanang braso, wala na rin iyong benda kaya medyo nagagamit na niya. Ang bilin ng doktor ay huwag lang niyang

masyadong pupuwersahin.

Pumunta siya sa sala. Kinumutan niya ito. Nanginginig ito, tila nilalamig.

Kumuha siya ng bimpo sa cabinet at naglagay ng tubig sa maliit na palanggana. Binasa niya ang bimpooon at piniga. Inilagay niya iyon sa noo ng dalaga. Kapag mainit na ang bimpo ay binabasa niya ulit iyon at pinipiga, para muling ilagay sa noo ni Julianne. Pinalitan niya ang tubig sa palanggana. Paulit-ulit niyang ginawa iyon habang inoobserbahan ito.

Nang bahagyang humibas ang lagnat nito ay lumabas siya sa kusina at inayos ang pinamili nito. Nagluto siya ng *arroz caldo* gamit ang manok na dala nito at ilang spices sa kanyang kusina.

Alas nueve y media ay ginising niya ito at inabutan ng pamalit na damit. Sinabi niyang puwede itong magbihis sa sala, lalabas na lang siya. Tinawag siya nito nang matapos magbihis. Ipinasok niya ang nilutong lugaw. Inutusan niya itong kumain.

Muli, walang-imik na sumunod ito. Mukhang masama talaga ang pakiramdam, hindi na makuhang mamilosopo. Sinabayan niya itong kumain. Nagdala na rin siya ng mangkok ng *arroz caldo*, inilapit na lamang niya ang coffee table na nasa gitna ng sala

para maayos silang makasubo. Pagkatapos kumain ay pinainom niya ito ng paracetamol.

Tinanong niya ang dalaga kung nais nitong lumipat sa kanyang kama, pero umiling lang ito at nahiga na. Saglit lang at nakatulog na ulit ito.

Pagdating ng tanghali ay sopas ang inihain niya rito. Iyon na rin lang ang kinain niya. Dapat ay paiinum niya ulit ito ng gamot nang alas dos pero nang bumalik siya sa sala dala iyon ay tulog na tulog pa rin ito.

Bago niya pa napigilan ang sarili ay nahawakan na niya ang mukha nito.

Para itong sanggol habang natutulog. Napakaganda, napakainosente ng mukha, ibang-iba sa babaeng may pagkapilosopo, mataray, at medyo haragan. Isang babaeng mahirap makuha ng sinumang lalaki.

At tila nahuhulog na siya rito.

Nagpa-palpitante na naman ang puso niya. Hindi niya namalayan na unti-unti nang lumapit ang mukha niya sa mukha nito. Hanggang sa natigilan siya.

She's not feeling well, 'tapos pagsasamantalahan mo pa? Will you get a hold of yourself, Lance!

Kahit gustung-gusto niyang matikman ang mga labi nito, pinigilan niya ang sarili.

Makulimlim pa rin nang magising si Jules, pero medyo mabuti na ang kanyang pakiramdam. Parang gusto niyang kiligin sa pag-aalaga ni Lance sa kanya kanina. Gustong matunaw ng puso niya. Hindi niya mapigilan ang mapangiti. Napalis iyon sa labi niya nang may magsalita.

“Gising ka na pala, ang taas ng lagnat mo kanina. Malamang dahil nabasa ka ng ulan kaya ka nilagnat.” Lumapit ito sa kanya.

Naupo siya sa sofa at tumabi ito sa kanya. Kahit simpleng sando lang at khaki shorts ang suot nito, ang guwapo pa rin talaga ng binata.

Parang gusto niyang idikit ang pisngi sa mukha nito.

Julianne Marie Tolentino! sita niya sa sarili.

Ito ba ang epekto ng pagkakasakit? Nakakahiya. Bakit parang pinagnanasaan niya ang lalaki?

“Buti na lang bumaba na ang lagnat mo. Bakit ka ba na- late sa pagpunta dito? Akala ko kung ano na ang nangyari sa ’yo, kasi n’ung tinatawagan kita,

walang sumasagot. Iyon pala naglaro ka lang sa ulan. 'Ayan, nagkasakit ka tuloy." Makikita sa mukha nito ang pag-aalala.

"Napakadami mo nang sinabi." Ininom niya ang pineapple juice na nasa harapan niya. Noon lang niya napansin iyon, pati ang sandwich na kasama.

"Ham sandwich iyan, magmerienda ka muna bago kita isalang sa interogasyon."

Bumilis ang tibok ng kanyang puso sa concern nito. Kumuha siya ng isang ham sandwich at inalis ang tissue na naka-wrap doon.

"Naiwan ko 'yung cellphone ko sa bahay kaya hindi ko nasagot ang tawag mo. Tumirik ang sasakyan ko papunta rito kaya inayos ko muna. Biglang umulan kaya nabasa ako," sagot niya nang makalunok ng isa.

"Sana pumasok ka muna sa loob ng kotse mo n'ung umuulan at nagpatila ka muna," panenermon nito.

"Okay nga 'yun, ang sarap kaya maligo sa ulan. Bakit hindi mo subukan?"

"Ayoko nga, baka magkasakit pa 'ko. Tingnan mo nga ang sarili mo."

"Walang basagan ng trip." Ngumiti siya,

hinawakan ito sa kamay. “Thank you, ha?”

Sa halip na sumagot, parehas silang tila natigilan. Ilang segundo ang lumipas bago niya nabitawan ang kamay nito. Parang may kuryenteng tumawid sa katawan niya habang hawak niya ito.

Sinasabi ng utak niya na bitawan na niya ito ngunit ayaw sumunod ng kanyang kamay. Pero nang mangulit ang kanyang utak, sumunod din ito.

Pinagmasdan niya si Lance, naguguluhan ang hitsura nito, parang may iniisip. Naramdaman din kaya nito ang naramdaman niya?

“Ano ba’ng iniisip mo’t nagpumilit kang ayusin ang sasakyan mo kahit umuulan?” tanong nito.

“Ah, iniisip ko na baka magalit ka kapag hindi ako kaagad nakapunta dito.”

Tiningnan siya nito nang maigi. “I’m sorry, dahil sa akin nagkasakit ka tuloy.”

“Sus, bakit ka nag-so-sorry? It was my choice,” aniya, ngumiti ulit dito.

Ngumiti na rin lang ito bagaman tila nagi-guilty pa rin.

“Matagal-tagal na tayong magkasama pero wala

pa din akong alam sa 'yo," mayamaya ay biglang sabi nito.

"Eh, ano ba'ng gusto mong malaman?" Tama ito, araw-araw silang magkasama at magkaasaran ngunit wala pa rin silang alam sa isa't isa.

"Tell me about your family."

"Family? Wala na akong pamilya. Mag-isa na lang ako sa buhay."

Tiningnan siya nito. Parang may nakikita siyang emosyon sa mga mata nito pero agad iyong nawala.

"Wala ka man lang mga kamag-anak?"

"Oo, wala. Pareho kasing mga ulila ang mga magulang ko kaya nang mamatay sila, ulila na talaga akong lubos."

"Ayos lang bang itanong kung paano sila namatay?"

"Pinatay sila. My father was also an *NBI* Agent. Madami siyang naipakulong na masasamang tao. At dahil doon madami din ang gustong maghiganti sa kanya. Siguro seven years old ako nang mangyari iyon. Wala akong ibang kamag-anak kaya inampon ako ni Director Narcisso. Siya ang director ng *NBI* ngayon."

“O, ako naman ang magtatanong. “Nasaan ang pamilya mo?”

“Nasa States na silang lahat. Mag-isa na lang ako dito.”

“Ah, pareho pala tayong mag-isa na lang. ‘Yun nga lang, ikaw may pamilya pa, ako wala na. Bakit mo pala piniling maging writer?”

“Wala, hilig ko lang talaga. Nagugustuhan naman ng publisher ang mga manuscripts ko kaya itinuloy ko na. Ikaw? Bakit iyan ang pinili mong propesyon?”

“Gusto ko kasing maging katulad ng tatay ko, gusto kong maipagmamalaki nila ako. I want justice, not revenge, not really.” Tumingin siya sa kanyang relo, magaalas-cinco na ng hapon. Hindi naman siya makakapagsilbi kay Lance sa kondisyon niya kaya uuwi na lang siya. “Late na pala. Aalis na ‘ko.”

Nang tumayo siya, biglang nanghina ang kanyang mga tuhod kaya nawalan siya ng balanse. Maagap naman siyang naalalayan ni Lance. Napayakap na lang ito sa kanya.

Matipunong pangangatawan ang binagsakan niya. She could smell his masculine scent, feel the heat of his body. Unti-unti niyang iniangat ang ulo mula sa dibdib nito.

“Hindi mo pa kaya. Dito ka na lang magpalipas ng gabi. Gamitin mo iyong kuwarto ko. Doon ka na muna matulog.”

“Pero—” Isang daliri nito ang humaplos sa kanyang mga labi.

“Huwag ka nang umapela, kung kaya mong umuwi bukas, hindi kita pipigilan. Pero sa ngayon, dito ka muna. May extra toothbrush diyan kung iyon ang inaalala mo,” pagpapagaan nito sa sitwasyon.

Hindi na siya umangal pa at inakay na siya nito.

“Aayos lang ba? Ang braso mo...”

“Okay lang. Pasensya ka na. Gusto kitang buhatin pero baka akusahan mo ’ko na gusto kitang katulungin dito nang matagal,” biro nito.

Namula siya pero hindi na sumagot. Sinusubukan niyang pigilin ang nadaramang kilig. Narating nila ang kuwarto at inalalayan siya nito hanggang sa paghiga. Inayos nito ang kumot sa ibabaw niya.

“Magpahinga ka lang diyan. Dadalhin ko na lang dito ang dinner natin,” sabi nito at bigla siyang hinalikan sa noo.

Pagkatapos niyon ay lumabas na ito ng kuwarto.

Naiwan siyang nakatingin sa kisame. Hinawakan niya ang kanyang noo. She could still feel his lips there. Ang lambot, mainit.

The kiss had been very pleasing and caressing. Ano kaya ang pakiramdam nang mahalikan nito sa mga labi? Niyakap niya ang isang unan, inamoy iyon. She could smell his scent on the sheets and pillows.

Hinalikan niya ang unan na para bang si Lance iyon. Kahit masabihan pa siyang gaga o baliw sa ginagawa niya ngayon, wala siyang pakialam.

Madaling araw na pero hindi pa rin makatulog si Lance. Pabiling-biling siya sa malaki niyang sofa. Iniisip pa rin niya si Julianne, naalala ang hitsura nito habang mahimbing na natutulog sa sofa. Higit sa lahat, ginugulo siya ng mapupulang labi nito na nakakaakit talaga.

Naiinis siya dahil ang tanging pumapasok sa utak niya ay naroon ito ngayon sa kanyang kuwarto. Para tuloy gusto niyang pumunta roon at hawakan ang mukha nito, halikan ang mga labi at pagmasdan ang maganda nitong mukha.

Nasisiraan na ako ng bait!

Pinilit niyang makatulog. Nagtalukbong siya ng kumot at pinakalma ang sarili.

Nagising si Lance nang maramdaman na tila may nagmamasid sa kanya. Unti-unti niyang idinilat ang mga mata, naroon ang dalaga. Nakangiti ito sa kanya. Hers was an innocent smile that could tame a beast.

Parang inuutusan siya ng mga mata ng babae na hawakan ang mukha nito. At iyon nga ang ginawa niya.

Agad itong tumayo.

“A-ano, pinagluto na kita ng almusal. Sige, ba-bye!” Mabilis itong lumayo at lumabas ng kanyang bahay.

Hindi man lang siya nakapagsalita. Ano ba kasi ang sumapi sa kanya at nagawa niya iyon?

Hingal na hingal na lumapit si Julianne sa kanyang kotse. Hinawakan niya ang dibdib at pinakiramdaman ang kanyang puso. Parang lalabas iyon sa bilis ng pagtibok.

Ano ba ang problema ng lalaking iyon at...

Bigla niyang naramdaman na parang may

nanonood sa bawat kilos niya. Luminga siya sa paligid—walang ibang tao. Epekto lang siguro ng hawak ni Lance. Sumakay na siya sa kotse at pinaandar iyon.

Di kalayuan, may dalawang lalaki na nagmamasid kay Agent Tolentino, inoobserbahan ang bawat galaw ng babae. Tumunog ang cellphone ng isa. Kaagad nitong kinuha iyon sa bulsa at sinagot.

“Yes, Boss, umalis na si Tolentino. ’Yung nobyo na lang niya ang nandito.” Nakinig ito sa instruction ng amo bago pinatay ang tawag.